



Tungkol Saan ang Modyul na Ito?

Nakakita ka na ba ng batang payat, maputla at malaki ang tiyan? Batay sa kanyang anyo, mahuhulaan mong siya ay may-sakit. Kapag ang bata ay walang ganang kumain, madalas mahilo at magtae, maaaring siya ay may bulati.

Sa iyong palagay, ano ang dahilan kung bakit may mga bulati ang isang bata? Ano ang maaari nating gawin upang maiwasan ang pagpasok ng bulati sa ating katawan?

Ipaliliwanag sa modyul na ito kung paanong nakapapasok sa ating katawan ang mga bulati.

Ang modyul na ito ay nahahati sa dalawang aralin:

Aralin 1 — *Paano Tayo Nagkakaroon ng mga Bulati?*

Aralin 2 — *Ang Deworming Team*



Anu-ano ang mga Matututuhan Mo sa Modyul na Ito?

Matapos pag-aralan ang modyul na ito, inaasahang kaya mo nang:

- ◆ maipaliwanag kung paano nakapapasok ang mga bulati sa katawan ng isang tao.
- ◆ masabi ang mga epekto ng bulati sa kalusugan ng isang tao.
- ◆ maipaliwanag kung paano maiiwasan ang pagkakaroon ng mga bulati.
- ◆ masabi kung paano mapupuksa ang mga bulati kung mayroon ka nito.



Anu-ano na ang mga Alam Mo?

Bago mo simulan ang pag-aaral sa modyul na ito, sagutin muna ang sumusunod na tanong upang masukat kung ano na ang nalalaman mo tungkol sa paksang tatalakayin dito.

Bilugan ang titik ng tamang sagot.

1. Saan madalas makuha ng tao ang mga bulati?
 - a. sa maruming lugar
 - b. sa malinis na tahanan
 - c. sa paaralan
 - d. sa *department store*

2. Ano ang isang dahilan sa pagkakaroon ng bulati ang mga tao?
 - a. Dahil madalas silang maglakad nang nakayapak
 - b. Dahil pinaglalaruan nila ang mga bulati
 - c. Dahil sobra ang kinakain nila
 - d. Dahil sila ay madaldal

3. Ano ang pakiramdam mo kung ikaw ay may bulati?
 - a. malakas
 - b. mahina
 - c. masaya
 - d. malungkot

4. Ano ang hitsura ng isang taong may bulati?
 - a. mataba
 - b. malusog
 - c. payat
 - d. maganda

5. Ano ang hitsura ng tiyan ng isang taong may bulati?
 - a. maliit
 - b. malaki
 - c. walang laman
 - d. payat

Kumusta ang pagsusulit? Nasagot mo ba nang tama ang mga katanungan? Ihambing mo ang iyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 20.


Kung tama ang lahat ng iyong mga sagot, magaling! Marami ka nang nalalaman tungkol sa paksa ng modyul na ito. Maaari mo pa ring pag-aralan ito upang balik-aralan ang mga paksang alam mo na. Maaari ding maragdagan nito ang iyong kaalaman.

Kung mababa ang iyong iskor, huwag mabahala. Para sa iyo ang modyul na ito. Kung pag-aaralan mo nang mabuti ang modyul na ito, matututuhan mo ang mga sagot sa lahat ng katanungan sa pagsusulit. Matututo ka rin ng mga konsepto na maaari mong gamitin sa pang-araw-araw na buhay. Handa ka na ba?

Ilipat ang modyul sa susunod na pahina para masimulan ang Aralin 1.

ARALIN 1

Paano Tayo Nagkakaroon ng mga Bulati?




Ito si Pablo. Nakatira siya sa mataong lugar ng bayan. Marumi ang kanyang paligid.


Marumi at hindi dumadaloy ang tubig-kanal sa kanilang lugar. Nagkalat ang mga basura sa buong paligid. Walang malinis na kubeta ang karamihan ng mga bahay sa kanilang lugar.

Tingnan nating muli si Pablo.

Madalas siyang maglakad nang nakayapak. Payat siya ngunit malaki ang kanyang tiyan. Siya ay maputla at madalas manghina. May-sakit si Pablo.

Tingnan din natin ang mga kapitbahay ni Pablo. Wala silang tsinelas. Naglalaro sila sa maruruming lugar. Payat din sila. May sakit din ang mga kaibigan ni Pablo.





Ito naman sina Juan at Pedro. Mga kamag-aral sila ni Pablo. Nakatira sila sa ibang bahagi ng bayan.

Malakas kumain si Juan ngunit payat siya. Madalas siyang makaranas ng sakit ng tiyan.

Sa kabilang banda, si Pedro na katamtaman lamang kung kumain, ay hindi naman naghuhugas ng kamay bago kumain.

Maputla sina Pedro at Juan. Pareho silang payat. Hindi sila malusog.

Ano sa palagay mo ang kanilang sakit?

Ito ang kanilang suliranin. Si Pablo ay may bulati. Ang kanyang ibang mga kamag-aral at kaibigan ay may mga bulati rin.



Ikaw rin ay maaaring magkaroon ng mga bulati kung marumi ang iyong kapaligiran at hindi ka sumusunod sa tamang kaugalian na pangkalusugan. Halimbawa ng tamang kaugalian ay ang paghuhugas ng kamay bago kumain at pagsusuot ng sapatos o tsinelas.



Tandaan Natin

Nagkakaroon ng bulati ang mga tao kung marumi ang kanilang kapaligiran at hindi sumusunod sa tamang kaugaliang pangkalusugan.



Pag-isipan Natin Ito

Basahin at unawain ang mga salita at parirala sa ibaba. Isipin ang kahulugan at kahalagahan ng mga ito sa iyong kalusugan.

1. maruming paligid
2. tubig na hindi dumadaloy
3. tumpok ng basura
4. malinis na palikuran (kubeta)
5. malaking tiyan
6. payat
7. mahina
8. naglalakad nang nakayapak
9. maputla
10. mga bulati



Tandaan Natin

- ◆ Maraming tao ang may bulati.
- ◆ May bulati sila dahil marumi ang kanilang kapaligiran.
- ◆ Nagkakaroon sila ng bulati dahil sa maling kaugaliang pangkalusugan.
- ◆ Ang mga taong hindi nagsusuot ng tsinelas o sapatos ay higit na maaaring magkaroon ng bulati.
- ◆ Nakaaapekto sa kalusugan ang mga bulati sa katawan ng tao.

Alam mo ba na may iba't ibang uri ng bulati at parasito na maaaring pumasok sa katawan? Anu-ano ang mga ito? Paano mo maiiwasan ang pagpasok ng mga ito sa iyong katawan?

Bago ka magpatuloy sa pag-aaral, tingnan natin kung ano ang iyong mga natutuhan sa Aralin 1.



Alamin Natin ang Iyong mga Natutuhan

Isulat ang TAMA kung ang pangungusap ay nagpapahayag ng wastong kaisipan, at MALI kung ang pangungusap ay di nagpapahayag ng wastong kaisipan.

- _____ 1. Malusog at masigla ang isang batang may bulati.
- _____ 2. Maaaring magkaroon ng bulati ang batang hindi nagsusuot ng tsinelas at naglalaro sa maruruming lugar.
- _____ 3. Karaniwang maputla at madalas mahilo ang batang may bulati sa tiyan.
- _____ 4. Nakalulusog sa katawan ang pagkakaroon ng bulati.
- _____ 5. Nagiging payat at lumalaki ang tiyan ng isang batang may bulati.

Ihambing ang iyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 21.

Ang Deworming Team




Basahin Natin Ito

Sa paaralan, isang umaga, maraming nakitang bisita si Pablo.

Pababa sila mula sa sasakyan. Naroon ang punongguro upang sila ay tanggapin.


Ipinakikilala ng punongguro ang bawat bisita sa mga guro at mag-aaral. Kabahagi sila ng *Deworming Team* (Pangkat ng Tagapurga) mula sa Maynila. Naroon sila upang puksain ang bulati sa mga bata. Magbibigay sila ng inuming pampurga. Pinapatay at tinatanggal ng pampurga ang mga bulati sa katawan. Ngunit kailangan



munang malaman ng pangkat kung sinu-sino sa mga bata ang may bulati.


Sinabihan ang mga mag-aaral na magdala ng kanilang dumi sa paaralan upang masuri sa laboratoryo. Ang pagsusuring ito ay tinatawag na *fecalysis*.

Masasabi ng pagsusuri kung anong uri ng bulati ang nasa loob ng tiyan ng mga bata.



Mula sa pagsusuring ito, malalaman ng doktor kung anong uri ng gamot ang ibibigay upang puksain ang bulati.

Sa klase, naging mausisa ang mga mag-aaral mula sa ika-apat na baitang. Marami silang katanungan tungkol sa mga bulati.




Nagulat ang mga mag-aaral nang matutuhan nila ang tungkol sa iba't ibang uri ng mga bulati at parasito.

Maliit lamang ang paaralan nina Pablo kayat nakausap agad ng *Deworming Team* ang lahat ng mga bata.

Naunang nagsalita ang *medical technologist*. Dala niya ang isang tsart na may mga larawan.

Binuksan niya ang tsart at ipinakita ang iba't ibang uri ng bulati na maaaring makapasok sa loob ng katawan. Ipinaliwanag din niya kung paano nakapapasok ang mga ito sa loob ng katawan.

Ito ang kanyang ipinakita at ipinaliwanag.



Ito ang bulating **ascaris**. Ito ay kahawig ng bulating matatagpuan sa lupa. Lumalaki ito ng hanggang 15 pulgada.

Ang sinumang kumain ng pagkaing hilaw na hindi nahugasan nang mabuti ay maaring makalunok ng itlog ng bulating ito. Matatagpuan ang mga itlog na ito sa mga hilaw na gulay na ating kinakain.

Ang mga itlog ng *ascaris* ay matatagpuan sa dumi ng mga taong kung saan-saan tumatae.

Upang maiwasan ang *ascaris*, makabubuting maghugas ng mga kamay at hugasan ding mabuti ang mga prutas at gulay bago kumain.


Ito ang **bulating-tiyan** (*hookworm*). Kalahating pulgada lamang ang laki nito ngunit ang bibig ay may matatalim na ngipin. Tumutulong ang mga ngipin sa pagsipsip ng dugo mula sa mga bituka.

Nangingitlog ang hookworm ng hanggang 10,000 itlog sa isang araw. Maaring makita ang mga itlog na ito sa dumi ng mga taong may hookworm.

Ang mga itlog ay nagiging *larvae*. Ang mga *larvae* na ito ang pumapasok sa balat ng iyong mga paa.

Kaya makabubuting magsuot palagi ng sapatos o tsinelas.

Nakatutulong din ang malinis na palikuran upang maiwasan ang pagkalat ng mga bulating-tiyan o hookworm.




Ang **tiwa** (*pinworm*) ay mukhang sinulid at kadalasang matatagpuan sa puwit ng tao. Ang mga itlog ng tiwa ay maaaring mailipat sa dulo ng daliri o sa ilalim ng mga kuko kung kinamot ng isang tao ang kaniyang puwit. Maaari din itong malipat sa pamamagitan ng paggamit ng inidoro at tuwalya ng taong may bulati.

Dapat na maghugas ng mga kamay bago maghanda ng pagkain, bago kumain at matapos gumamit ng palikuran.

Makabubuti ring panatilihing maikli ang mga kuko.

Ang mga bata sa larawan ay mayroong mga tiwa. Kinakamot nila ang paligid ng puwit at ang maseselang bahagi ng kanilang katawan.



Sa ibang bahagi ng Pilipinas, may isang nakapipinsalang parasito na sanhi ng nakamamatay na sakit na tinatawag na **schistosomiasis**.


Ang parasitong ito ay isang uri ng *flatworm* na hugis dahon. Tinatawag itong **schistosome**. Ang mga itlog nito ay nanggagaling sa mga dumi ng tao na inaanod ng tubig.



Nagiging maliliit na bulati (larvae) ang mga itlog kapag napisa. Naghahanap ang mga ito ng suso at upang doon manirahan. Sa loob ng suso, lumalaki at dumarami ang mga ito. Matapos ito, iiwan ng mga ito ang suso upang maghanap ng taong bibiktimahin.

Ang ganitong uri ng bulati ay nakapapasok sa katawan sa pamamagitan ng balat sa ulo ng isang tao. Sa loob ng ulo, inaatake ng mga ito ang mga ugat ng dugo patungong atay, bato, bituka at iba pang lamang-loob (internal organs).

Kung lalangoy o maliligo ang isang tao sa tubig na may mga bulating ito, tiyak na makapapasok ang mga ito sa kanyang katawan.



Dapat gumamit ng malinis na palikuran ang lahat ng tao, lalo na ang mga naninirahan sa tabing-ilog at sa iba pang katawang-tubig. Hindi rin dapat dumumi sa pampang ang mga tao.

Kung may ganitong uri ng mga parasito sa tubig, dapat gawan ng paraan ng mga opisyal ng pamahalaan ang ganitong suliranin. Dapat silang gumawa ng mga hakbang upang malinis ang tubig at matanggal ang mga susong pinamamahayanan ng mga bulating ito.

Ang tawag dito ay **ulyabid** (tapeworm). Hugis sintas ng sapatos ito. Mahuhulaan mo ba kung bakit tapeworm ang tawag dito?


Ang ulyabid na nanggagaling sa baboy ay lumalaki mula 6 hanggang 10 talampakan.

Ang ulyabid na nanggagaling sa kalabaw ay lumalaki mula 15 hanggang 20 talampakan.

Ang ulyabid na mula sa isda ay maaring lumaki mula 40 hanggang 50 talampakan.

Ang mga taong mahihilig kumain ng hilaw na isda o karneng di gaanong luto ay maaaring makakuha ng ulyabid.






Ang mga larvae ng ulyabid na matatagpuan sa karne ay namamatay kung lulutuing mabuti.





Tandaan Natin

- ◆ Limang uri ng bulati ang nabanggit ng *medical technologist*: ascaris, bulating-tiyan (hookworm), ulyabid (tapeworm), *schistosome* at tiwa (pinworm).



- ◆ Karaniwang matatagpuan sa Pilipinas ang mga bulating ito. Kung may bulati ang isang tao, dapat siyang kumunsulta kaagad sa isang doktor. Reresetahan siya ng doktor ng gamot na pamuksa sa mga bulati.

Tingnan natin kung naintindihan mo ang sinabi ng *medical technologist*.



Magbalik-aral Tayo

Gamitin ang talaan sa ibaba upang masagot ang susunod na katanungan.

- | | |
|-------------------|----------------|
| a. ascaris | d. schistosome |
| b. bulating-tiyan | e. tiwa |
| c. ulyabid | |

A. Tukuyin at isulat sa patlang ang bulating inilalarawan. Piliin ang sagot sa loob ng kahon.

- _____ 1. may maliliit at matatalim na mga ngipin
- _____ 2. mahaba at hati-hati
- _____ 3. mukhang piraso ng puting sinulid
- _____ 4. naninirahan sa loob ng suso (snail)
- _____ 5. mukhang bulating matatagpuan sa lupa

B. Piliin sa loob ng kahon ang tamang sagot. Isulat ang titik ng bulating maaring pumasok sa katawan ng tao na:




- _____ 1. lumalangoy sa ilog na may parasito
- _____ 2. kumakain ng hilaw o hindi masyadong lutong karne ng baka, baboy o isda
- _____ 3. nagkakamot sa paligid ng puwit
- _____ 4. naglalakad nang walang sapin sa paa
- _____ 5. kumakain ng hindi nahugasang pagkain mula sa lupa


Tingnan kung ilan ang nakuhang tamang sagot. Ihambing ang iyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pp. 21-22.



Basahin Natin Ito

Paano mapupuksa ang mga bulating ito? Basahin ang kuwento ni Emalyn.

<p>Sa bahay ni Emalyn....</p> <p>Emalyn, kumakain ka naman nang marami pero payat ka pa rin. At tila lumalaki ang tiyan mo.</p> <p>Bakit po kaya Inay?</p> 	<p>Sa palagay ko dapat tayong pumunta sa health center upang masuri ka ng manggagamot, ha?</p> <p>Sige po, Inay.</p> 
<p>Sa health center...</p> <p>Dok, ano ho ba ang sakit ni Emalyn?</p> <p>Mayroon siyang mga bulati. Upang malaman natin kung anong uri ng bulati mayroon siya, ipasuri ninyo ang kanyang dumi sa laboratoryo.</p> 	<p>Nang sumunod na araw....</p> <p>Siya ay may tiwa. Huwag kayong mabahala. Ang mga ito ay madaling mapuksa. Ito ang reseta.</p> <p>Salamat po, Dok. Bibilhin ko kaagad ang gamot.</p> 



Ibuod Natin

Sa modyul na ito, natutuhan mo kung paano nakapapasok sa ating katawan ang mga bulati at ang mga pagbabagong nagagawa ng mga ito sa ating katawan.

Tandaan ang mga ito:






- ◆ Magkakaroon ng mga bulati ang mga tao kung marumi ang kanilang paligid at hindi nila sinusunod ang wastong kaugaliang pangkalusugan.
- ◆ Higit na malaki ang panganib na mapasukan ng mga bulati sa katawan ang mga taong hindi nagsusuot ng tsinelas o sapatos .
- ◆ Maaaring makapasok sa ating katawan ang mga bulati o mga itlog nito sa pamamagitan ng ating bibig.
- ◆ May limang uri ng parasitong bulati: ascaris, bulating-tiyan, ulyabid, *schistosome* at tiwa.
- ◆ Kadalasang matatagpuan ang mga bulating ito sa Pilipinas. Kung may bulati ang isang tao, dapat siyang kumunsulta kaagad sa doktor. Magbibigay ang doktor ng reseta ng gamot na papatay sa mga bulati.
- ◆ Dapat panatilihin ang ating paligid upang maiwasan ang pagkakaroon ng bulati.
- ◆ Dapat lutuing mabuti ang karne ng baka, baboy at isda.
- ◆ Hindi dapat maligo o lumangoy sa isang ilog na may *schistosome*.
- ◆ Ang pag-inom ng tamang gamot ang siyang pupuksa sa mga bulati sa loob ng tiyan.



Anu-ano ang mga Natutuhan Mo?

- A. Bilugan ang titik ng tamang sagot.
1. Saan madaling makakuha ng mga bulati?
 - a. sa malinis na paligid
 - b. sa maruming paligid
 - c. sa pamamagitan ng direktang kontak sa mga taong may bulati
 - d. sa pagkain ng prutas at gulay
 2. Sino sa mga batang ito ang maaring magkaroon ng mga bulati?
 - a. ang batang nakapaa na naglalaro sa lupa
 - b. ang batang pumapasok sa paaralan
 - c. ang batang naglalaro sa loob ng bahay
 - d. ang batang laging malinis
 3. Ano ang kadalasang sintomas ng isang taong may bulati?
 - a. maputla at malaking tiyan.
 - b. masigla at malusog.
 - c. masaya at malinis.
 - d. may malusog na katawan.
 4. Ang bulating pumapasok sa suso at doon dumarami ay tinatawag na _____.
 - a. ascaris
 - b. bulating-tiyan
 - c. tiwa
 - d. parasitong schistosomiasis
 5. Ano ang hitsura ng taong may bulati?
 - a. may maliit na tiyan
 - b. may malaking dibdib
 - c. may malaking tiyan
 - d. may masiglang katawan

B. Tukuyin at isulat sa patlang ang uri ng bulating nakaguhit sa larawan.

1.  _____
2.  _____
3.  _____
4.  _____
5.  _____

C. Anong uri ng bulati ang inilalarawan? Isulat ang sagot sa patlang .

- _____ 1. nakatira sa loob ng suso
- _____ 2. kadalasang nararamdaman sa puwit
- _____ 3. pinakamahabang bulati
- _____ 4. may maliliit at matatalim na mga ngipin
- _____ 5. mukhang bulati sa lupa

Ihambing ang iyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pp. 22-23.

Kung ang iyong iskor ay:

- 1–4 Balik-aralan ang buong modyul.
- 5–8 Balik-aralan ang mga bahagi ng modyul na hindi naintindihan.
- 9–12 Magaling! Balik-aralan ang mga aytem na di mo nasagot nang wasto.
- 13–15 Napakagaling! Marami kang natutuhan sa modyul na ito. Maari ka nang magpatuloy sa susunod na modyul.



Batayan sa Pagwawasto

A. Anu-ano na ang mga Alam Mo? (pp. 2-3)

- (a) Kadalasang nakakukuha ang mga tao ng bulati sa maruruming lugar.
Ang titik (b) ay mali. Hindi ka magkakaroon ng bulati sa malinis na tahanan.
(c) at (d) ay mali. Hindi ka magkakaroon ng bulati sa paaralan at sa *department store*.
- (a) Kung sila ay nakayapak, papasukin ng bulati ang kanilang katawan sa pamamagitan ng mga maliliit na butas sa paa.
Titik (b) ay mali. Walang taong naglalaro ng bulati sapagkat ang mga ito ay marurumi.
(c) ay mali. Ang pagkain ng marami ay hindi paraan upang makakuha ng bulati.
(d) ay mali. Walang kuneksyon ang pagiging madaldal sa pagkakaroon ng bulati.
- (b) Manghihina ka kung ikaw ay may bulati dahil kakainin ng mga ito ang pagkaing kinakain mo.
(a), (c) at (d) ay mali. Kung ikaw ay may bulati, hindi ka magiging malakas, masaya o malungkot.
- (c) Payat ang taong may bulati sapagkat ang sustansiya ng katawan ay napupunta sa mga bulati.
(a), (b), at (d) ay mali. Hindi magmumukhang mataba, malusog at maganda ang isang taong may bulati.
- (b) Malaki ang tiyan ng isang taong may bulati
Ang mga titik (a), (c) at (d) ay mali. Hindi maliit, walang laman o payat ng tiyan ng isang taong may bulati. Lumalaki ang tiyan ng isang taong may bulati dahil ito ay puno ng mga lumalaking bulati.

B. Aralin 1

Alamin Natin ang Iyong mga Natutuhan (pahina 7)

1. **Mali.** Hindi malusog at masigla ang isang taong may bulati. Kinakain ng mga bulati ang sustansiya sa kanyang katawan.
2. **Tama**
3. **Tama**
4. **Mali.** Hindi makabubuti sa iyong katawan at kalusugan ang pagkakaroon ng mga bulati. Mawawala ang mga sustansiya sa katawan sapagkat kakainin ito ng mga bulati.
5. **Tama**

C. Aralin 2

Magbalik-Aral Tayo (pahina 14)

1. **(b)** May maliliit at matatalas na mga ngipin ang bulating-tiyan.
2. **(c)** Mahaba at hati-hati ang ulyabid.
3. **(e)** Tila mga puting sinulid ang tiwa na maaaring kumalat kapag ang taong mayroon nito ay nagkakamot ng kanyang puwit.
4. **(d)** Matatagpuan ang mga *schistosome* sa mga suso na nakatira malapit sa mga katawang tubig.
5. **(a)** Lumalaki hanggang 15 pulgada at mukhang bulating-lupa ang *ascaris*.

- B. 1. **(d)** Naghahanap ang mga *schistosome* ng mga suso na nakatira malapit sa mga anyong tubig.
2. **(c)** Matatagpuan ang ulyabid sa karne ng baka, baboy at isda. Kapag hilaw o hindi nalutong mabuti ang iyong kinaing karne, ang mga bulati ay maaaring lumaki at dumami sa iyong katawan.
3. **(e)** Matatagpuan ang tiwa sa paligid ng puwit. Kapag ikaw ay nagkamot ng puwit, malilipat ang tiwa sa iyong mga kuko. Kapag hindi ka naghuhugas ng mga kamay bago kumain ay magkakaroon ka rin nito.
4. **(b)** Nakapapasok sa katawan ang bulating-tiyan sa pamamagitan ng maliliit na butas ng iyong mga paa, katulad ng mga sugat at mga butas sa iyong balat.
5. **(a)** Matatagpuan sa lupa ang mga bulating *ascaris*. Maaring nagtataglay ng mga itlog nito ang mga gulay na hindi nahugasan nang mabuti. Kapag hindi mo hinugasan ang mga gulay bago kainin, maaring makain mo rin ang mga itlog ng bulati. Ang mga itlog na ito ay mapipisa at magiging larvae.

D. Anu-ano ang mga Natutuhan Mo? (pp. 17-18)

- A. 1. **(b)** Nakatira sa maruruming lugar ang mga bulati.
2. **(a)** Nakatira sa lupa ang mga bulati. Kapag nakayapak ang isang bata ay makapapasok ang mga bulati sa kanyang katawan sa pamamagitan ng maliliit na butas ng balat at mga sugat sa paa.

3. **(a)** Maputla, malaki ang tiyan at nanghihina ang taong may bulati sapagkat kinakain ng mga bulati ang mga sustansiya sa kanyang katawan.
4. **(d)** Lumalaki at dumarami sa loob ng mga susong nakatira malapit sa mga katawang tubig ang *schistosomiasis*.
5. **(c)** Malaki ang tiyan ng isang taong may bulati sapagkat lumalaki at dumarami ang mga bulati sa kanyang tiyan.

- B.
1. ascaris
 2. bulating-tiyan
 3. ulyabid
 4. schistosome
 5. tiwa

- C.
1. schistosome
 2. tiwa
 3. ulyabid
 4. bulating-tiyan
 5. ascaris